# Gonorrhea:

## Ano Ang Dapat Mong Gawin



"Hindi madaling pakinggan ang tungkol dito, pero natutuwa akong nagamot ako kaagad."

Ang iyong katalik ay may gonorrhea (gone-o-RHEE-ah).

Isa itong impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik na maaaring mapagaling pa. Maaari ka ring magkaroon gonorrhea dahil dito.

Ang kapareha mo ay umiinom ng gamot para pagalingin ang gonorrhea. Dapat ka ring magpatingin at magpasuri sa isang doktor para sa sexually transmitted infections (STIs) at inirerekomenda na uminom ka din ng gamot para gamutin ang gonorrhea sa lalong madaling panahon.

### Ito ang kailangan mong malaman:

- Ang gonorrhea ay madaling gamutin. Ngunit ikaw at ang iyong (mga) kapareha ay dapat uminom ng gamot sa lalong madaling panahon.
- Maaari mong makuha ang gonorrhea sa pamamagitan ng pakikipagtalik sa ari ng lalaki, ari ng babae, o sa anus. Nakukuha rin ito sa oral sex o pakikipagtalik sa bibig (bibig sa ari ng lalaki, ari ng babae, o sa anus).
- Maraming tao ang may gonorrhea pero hindi nila alam ito.
- May mga taong nakakaranas ng hapdi sa pag-ihi; pagtagas mula sa ari ng babae, ari ng lalaki, o anus, pagdurugo sa anus o pananakit ng balakang (pelvis).
- Kung hindi ka magpapagamot, maaari kang magkasakit nang malubha o maaaring hindi magka-anak.
- Para sa mga taong hindi nagpagamot at sa kalaunan ay nabuntis, maaaring maapektuhan ng gonorrhea ang kanilang sanggol.

### Inumin ang mga tabletang bigay ng yong kapareha.

Maaaring dalhan ka ng iyong kapareha ng mga tableta o reseta para makuha ang mga ito. Alinmang paraan, importanteng inumin ito sa lalong madaling panahon.



Ang sinumang ipinapakita sa mga larawan na ito ay pawing mga modelo. Ang mga larawan ay para sa layuning paglalarawan lamang.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa gonorrhea:

- Tumawag ng libre sa 1-800-232-4636
- O bumisita sa www.ashastd.org

essential access health

## Narito kung paano uminon ng mga tabletas:

**Cefixime** (800 mg): Inumin kaagad ang lahat ng gamot kasabay ang tubig, pagkakuha mo sa mga ito.

- HUWAG ibigay o ipagamit ang mga tableta kaninuman.

Karamihan ay walang malubhang epekto pagkatapos uminom ng mga tabletang ito.

- Ang ilan ay maaaring makakaramdam ng pagkahilo o pananakit ng tiyan/pagtatae.

Ito ay mga karaniwang problema na kusang mawawala pagdaan ng ilang araw. Kung hindi, kausapin ang iyong doktor. Kausapin din ang iyong doktor kung may pangangati o pagtagas mula sa ari.

## Ang mga tableta ay napakaligtas para sa karamihan.

Kausapin ang iyong doktor bago uminom ng gamot kung:

- Nagkaroon ka ng masamang reaksyon, pantal, o allergy sa mga antibiotics.
- Mayroon kang malubhang sakit tulad ng sakit sa bato, puso, o atay.
- Kasalukuyan kang umiinom ng iba pang iniresetang gamot.
- Ikaw ay buntis or maaaring buntis.
- Ikaw ay nagpapasuso.

Sa mga kasong ito, mahalagang makipag-usap kaagad sa iyong doktor kung ano ang kailangan mong gawin.

Kung nakipag-oral sex ka sa isang taong nahawaan ng gonorrhea, maaaring hindi tumalab ang gamot. Dapat kang magpatingin sa doktor para makakuha ng mas matapang na gamot.

## Gaano katagal bago mawala ang impeksyon?

Tumatagal ito ng pitong (7) araw. Paglipas ng isang linggo pagkatapos mo inumin ang tableta:

- Pinakamabuti na huwag nang makipagtlik ulit sa ari ng babae/lalake, bibig, o anus.
- Kung makikipagtalik ka man, dapat gumamit ng condom at baka mahawa ka muli ng gonorrhea.

## Pumunta agad sa doktor, klinika, o emergency room kung ikaw ay:

- Nagsusuka o naduduwal.
- May pananakit sa puson o habang nakikipagtalik.
- Nahihirapang huminga.
- May pantal o lagnat.
- May pananakit o pamamaga sa mga testicle.
- May malubhang pananakit sa iyong mga kasu-kasuan.

Maaaring nangangaluhugan ito na kailangan mo ng mas matapang na gamot, o maaaring mayroon kang allergic na reaksyon sa antibiotics.

## Magpasuri sa gonorrhea ngayon.

- Hindi masakit ang pagsusuri; kailangan mo lang umihi sa isang lalagyan. Mayroon ding swab test na maaari mong gamitin sa iyong sarili.
- Dapat ding magpasuri ang sinumang nakatalik mo sa nakalipas na 60 araw.
- Kung positibo, magpasuri muli sa loob ng 3 buwan upang matiyak na hindi ka na muling magkakaroon ng gonorrhea.

## Humanap ng klinika na malapit sa iyo:

- Tanungin ang iyong kapareha kung saan sila nagpasuri o tumawag sa CDC hotline sa 800-CDC-INFO o 800-232-4636.
- Magpasuri para sa iba pang mga STI tulad ng syphilis at HIV.
- Protektahan ang iyong sarili laban sa HIV gamit ang PrEP (pre-exposure prophylaxis), isang pang-araw-araw na tableta na tumutulong para manatiling negatibo sa HIV.